**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-9 NG PEBRERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE.............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............... | Kagawad |
| Kgg. jaime Alexander T. Calupitan.... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................ | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor........... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 017-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET NG BARANGAY SAN JOSE PARA SA TAONG 1998 NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANDAAN DALAWAMPU'T DALAWANG LIBO SIYAMNARAAN ANIM NA PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P522,906,40).

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay sa sangguniang ito ang taunang badyet ng Barangay San Jose na nagkakahalaga ng P522,906.40 at ito ay naaayon at sumusunod sa mga [patakaran ng pagbabadyet ng mga barangay;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at mapatunayang hindi ito sumisinsay sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos ay ipinasya ng Lupon sa Pananalapi, na irekomendang pagtibayin ito.

**SAPAGKA'T,** anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sang. Brgy. San Jose.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Heidi S. Ciriaco, Louie C. de Leon, Ricardo B. Ramirez, Bernardo E. Ison, Miguel M. Asinas, at sa pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Taunang badyet ng Brgy. San Jose na nagkakahalaga ng P522,906.40 para sa taong ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:** NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

7/18/98

PINAGTIBAY: ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan